

# Countyng San Diego

## Patnubay para sa Pagdiwang ng Undas o Halloween sa panahon ng COVID-19 na Pandemiko

Upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 at siguraduhin na masaya, ligtas ang Undas sa mga bata, ang County ng San Diego ay naghandog ng isang patnubay para sa pinakakaraniwang mga aktibidad upang maprotektahan ka at ang iyong mga mahal sa buhay.

### Mga aktibidad sa Undas

#### Hindi pinapayagan

- Ang mga pagtitipon sa loob o kasayahan na binubuo ng mahigit na tatlong mga sambahayan ay hindi pinapayagan, kahit na kung ito ay isinasawa sa labas. Tandaan, mas maliit ang bilang ng tao, mas ligtas.
- Ang mga karnibal, piyesta, petting zoos, at live entertainment ay hindi pinapayagan dahil madalas ang interaksyon sa paghawak sa mga ibabaw ng kagamitan ng mga bata at mga nakikilhaok na mapanganib sa impeksyon sa komunidad.

#### Hindi Rekomendado

- Ang malapitang pakikisalamuha, ang door-to-door trick-or-treating o “trunk-or-treating,” at pag-iwan ng mga mangkok ng kendi para sa iba na kumuha ay hindi rekomendado, dahil mahirap panatilihin ang tamang patnubay sa pagdistansiya sa lipunan.
- Ang mga Haunted Houses ay hindi rekomendado dahil sila ay naglalagay ng mga tao sa isang masikip, walang bentilasyon na lugar na mahirap panatilihin ng 6-na –talampakang distansiya mula sa iba.

#### Rekomendado

- Online na salu-salo/paligsahan (hal., pananamit at pag-ukit ng pumpkin) at drive-through na kaganapan at parada ng mga sasakyan.
- Pagsuot sa bahay at bakod ng mga temang-dekorasyon sa Halloween.
- Mga sine-sa gabi na Halloween sa iyong sariling sambahayan o sa isang drive-in sa teatro.
- Pumpkin patches kung saan ang mga tao ay gumagamit ng hand sanitizer at pinapanatili ang 6- na-talampakang distansiya mula sa iba.

### Mas Ligtas na mga Alternatibo

Maraming mga tradisyonal na aktibidad sa Halloween ay may mataas na panganib ng pagkalat ng mga virus. May mga ilang mas ligtas, na alternatibong mga paraan na maaaring makalahok na nakalista sa ibaba, pati na rin ang nasa website ng [California Department of Public Health](#).

- Gumawa ng mga resipe sa taglagas at mga crafts sa pamilya para sa hapunan at mga nakakatakot na dekorasyon.
- Makilahok sa mga drive-through na kaganapan o paligsahan kung saan ang mga indibidwal na magsuot at palamutian ang kanilang mga sasakyan na tumanggap ng mga iskor mula sa “ hukom” na nanatili ng nararapat na pisikal na distansiya.
- Bumisita sa pumili-ng-iyong-prutas/gulay na operasyon na sumusunod ang mga patnubay [Departamentong Pagkain at Agrikultura sa California](#).
- Makilahok sa isang one-way trick-or-treating, kung saan ang mga indibidwal ay maaaring nakabalot sa goodie bags ay nakalinya para sa mga pamilya na makukuha habang pinapatuloy ang pagdistansiya sa panlipunan (tulad sa dulo ng driveway o sa dulo ng bakuran).
- Konsiderahin ang pagbigay ng mga treats maliban sa kendi, na maaaring linisan ng mga magulang bago ibigay sa mga bata: mga stiker sa celfon na nasa pakete, lapis, maliit na pumpkins, pambura, atbp.

### Mga Hakbang na Personal Proteksyon

Paano man ang selebrasyon, patuloy na sundin ang [Kautusan ng Pampublicong Pangkalusugan sa County ng San Diego, Patnubay sa Departamento sa Pampublicong Kalusugan ng California](#) at ang [Patnubay sa Holloween ng Sentro ng Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit](#), panatilihin ang pagdistansiya sa lipunan at magsuot ng pantakip sa mukha upang pantilihin ng ligtas ang mga bata at mga adulto. Upang manatiling ligtas sa 2020 na kapistahan ng Halloween, tandaan na :

- Maghugas o linisan ang iyong mga kamay nang madalas .
- Maglinis nang madalas sa mga bagay na regular na madalas na hinahawakan.
- Iwasan ang malapitang pakikisalamuha – manatili ng 6 na talampakan (3 o higit pang hakbang ng adulto mula sa ibang mga tao na hindi bahagi ng iyong sambahayan.
- Iwasan ang panloob na espasyo na hindi pinapayagan ang pagdistansiya ng 6 na talampakan sa pagitan mo at sa iba at sundin ang [patnubay ng estado](#) para sa panlabas na pribadong pagtitipon ng hanggang 3 sambahayan.
- Isuot ang pantakip sa mukha nang tama upang maiwasan ang pagkalat ng sakit sa iyong tahanan at sa ibang na hindi bahagi ng sambahayan
- Manatili sa tahana at palao sa iba, kung ikaw ay may sakit, o ikaw ay may nakasalamuha sa isang tao na may sakit o may sintomas ng COVID-19.

Para sa mga katanungan, makipag-ugnay sa [SafeReopeningComplianceTeam@sdcounty.ca.gov](mailto:SafeReopeningComplianceTeam@sdcounty.ca.gov).



Na-update 9-28-2020